# CROCOPEDIA

*The mystery of metaphor is*
*nearly lost to us, as if*
*only the illusion of the metaphor*
*remains. Or the myth of metaphor.*
*Or metaphor without ikon.*

- Jeffrey Yang

***Ayon sa Giya***

Bago ang lahat, tayo ang dayuhan. Kaharian nila
Ang anumang may tubig. Kahit ang pagbaha'y
Tinatawag nilang tahanan. Makinig sa babala

Ng mga kalaw; nasaksihan nila ang mga pangahas
Na umangkin sa latian, walang alinlangang sinagpang
Ng buwaya ang bangka saka iwinasiwas

Ang anumang nasa pagitan ng kanyang panga.
Noong Ikalawang Digmaan, sa kagustuhang iruta
Ang pagsakop sa buong isla, hindi nagduda

Sa pagsunod sa paglusong ang mga sundalong Hapon.
Sa pagkalabusaw ng mga botas, isang paghahamon
Iyon sa kanilang nahihimbing na gutom.

Namulaklak ng mga uwak ang magkakalapit na bakawan.
Nagdagta ng dugo't may ilang sumampay na laman
Na maglao'y naging bahagi ng mga puno. Pakinggan

Ang garalgal na alingawngaw sa dilim, sila iyon,

Hindi sa multo ng mga sundalong minsan nilang nilamon.

Ipinapaalam lang nila, magbago man ang panahon

Mananatili silang narito, binabantayan ang ating galaw.

Kaya ibaba mo ‘yang kamera, matatandain sila,

Walang ipinagkaiba ang liwanag niyan sa kislap ng pulbura,

At sa isang iglap, maniniwala silang riple ang iyong dala.

Kikilalanin ka nilang banta at tiyak akong kanilang ipamamalas

Ang talas ng pagkabangis habang dinadakma ang iyong lawas.

***Ayon sa Mangangaso***

Naghahanap tayo ng talinghaga para sa takot.

Tulad ng pulang mata sa dilim. Nagniningas.

At kung papaano tinutupok ng hilakbot

Ang ating dibdib sa bawat pagkurap. Nalalansag

Ang anumang natitira nating tapang

Habang nagbabadya ang paglapit o pagkalapit

Nito sa ating harapan. Kilala natin ang may-ari

Ng mata. Kilala natin ang eternal niyang gutom.

Ang bigat ng kanyang sagpang. Ang kunat ng balat

Na hindi kinikilala ang talas ng ating mga sundang

At lupit ng mga nakanguso nating riple.

Siya ang panginoon sa inaapakan nating teritoryo.

Kaya natuto tayong matakot bilang pagrespeto.

Sa pagbabalik sa bayan, isasalaysay natin

Ang nakaharap. Kung papaanong dahan-dahang

Lumalayo matapos maamoy ang walang tibok

Nating mga puso, naabo at nahalo sa ilog.

***Ayon sa Naliligaw***

Sumisibad sa hangin ang malamig na awit ng gabi.
Lumalambot sa hamog ang balat ng mga puno.

Kanina pa ako naliligaw. Natunton ko ang naagnas
Na bungo ng buwaya, mistulang pugad ng alitaptap

Ang mga hugkang nitong mata. Hindi ko mahagilap
Ang sangsang ng pagkabulok bagkus nakasabit

Ang dama de noche sa tungki ng ilong. Nakakamangha
Kung papaano parangalan ng kalikasan ang kamatayan

Ng ganitong nilalang. Pinaglalamayan ng liyab at halimuyak.
Walang panghuhusga kung papaano ito nabuhay.

Ninais kong huwag nang makauwi.

***Ayon sa Monghe***

Natutunaw na ang araw. Malulutong na pagsuko
Ng mga lagas na dahon sa ilalim ng mga talampakan

Ang nadidinig, pagkaraan ang mabibigat na pagpinid
Ng mga bintana’t pinto. Ipinaubaya na ang mga kaluskos

Ng gabi sa kalikasan. Matagal nang wala akong lunggati
Na makatuklas ng ibang tunog. Sapat nang pakinggan

Ang sarili kong paghinga, ang pagsirit ng namamatay
Na liyab, ang pagkilala ng talas ng lanseta sa kahoy.

Isanlibo’t isang mumunting pigura ng buwaya na
Ang aking nalilikha. Hindi pa ako nakakalusong sa latian,

Ni hindi ko alam kung ano ang binubulong ng ilog
Sa mga nauuhaw. Ang tanging natatanaw ay ang puno

Na namumulaklak ng uwak, tila mga asasinong nakaitim
Na balabal. Nanalig ako sa muling pagkabuhay.

Muli akong hahangos suot ang nilulumot na balat
Ng buwaya. Minsan, gugugulin ko ang mga panahon

Sa kasakiman ngunit madalas sa katahimikan habang
Sinusundan sa bakawan ang ningas ng mga alitaptap.

Doon ko matatagpuan ang propeta. Sa dulo ng paglagalag
Susukatin ako sa bawat natutuhan. Na hindi umuusbong

Ang dunong sa bukas na sugat ng pag-ibig o sa pagkaabo
Ng tagumpay kundi sa mumunting liwanag sa dilim

At sa mahabang paghahanap ng katahimikan sa sarili.

***Ayon sa Nagdurusa***

Huwag na nating pag-usapan ang pagdurusa, mas hangad ko
Ang paghahanap ng lunas. Sa kulungan, idinuduwal ng bulag
Na buwaya ang kinain: lumang sapatos, laruang sundalo.
Garalgal na awit ang dighay. Nakikiusap kaya siya sa Diyos?
O itinitingala sa langit ang mga mura? Bumagsak na ang ulan
At lumuluha ng mga bala ang tapyas niyang mata. Oo, tulad niya,
May namamatay sa aking kaluluwa. Pagtatapat: madalas kong
Nababasa ang *hamog* bilang *hamok*. Kilala ko ang katahimikan
Bilang paghugong ng bumabagsak na eroplano. Wala na akong
Pananampalataya. Lahat ay kasinungalingan. Pinupuno ko
Ang puso nang napakaraming iniisip, nabubuhay akong takot
Sa pag-ibig. Dayuhan na sa akin ang hinagpis. Tulad ng buwaya,
Natuto na akong maging manhid. Panandalian kong nakakalimutan
Itong pagkagunaw ng dibdib, at pagkaagnas ng aking pagkatao.
Marami pa akong pinagdudusahan, karamihan dahil sa kasalanan.
May ilan galing sa hinanakit. Ilahas na sa akin ang patawad.
Minsan, nagising ako sa kalampag ng tagak sa bintana. Malakas
Ang ulan. Pinapasok ko ang kumakatok upang magilitan.
Hindi ko na alam ang pagkakaiiba ng tubig sa dugo. Wala akong
Pinagkaiba sa buwaya na hindi kilala ang kaibigan sa pagkain.

Bigla niyang sinasara ang bunganga sa ibong nagtatanggal
Sa kanya ng tinga. Ngayon, kapwa kaming nagugutom.
Nais kong pakinggan ang kanyang tinitibok. Hinahanap ko
Ang pananalig. Kung naririto pa ito. O sinadya na niyang lunurin,
Pinaanod kasabay ng alimuom at sariling dumi tuwing nalilinisan
Ang kanyang tahanan. May nakapagsabing naririto ang lunas.
Maniniwala ako pansamantala. Lumalatag na ang mga tala
Sa kahugkangan ng kanyang mata. Ano pa nga ba ang silbi
Ng mga bituin kung hindi makinig sa ating mga panalangin.

***Ayon sa Taga-lungsod***

Gumagapang sila sa guniguni ng mga kayas ang sikmura.
Dito sa lungsod namumulaklak ang alikabok sa labi

Ng mga gutom. Sa ibabaw ng mga nangungunyapit humihikab
Ang bandal – *God favored those who suffer*. Malapit na

Ang unos. Bumabalikwas na ang estero at umaalingasaw
Ang mga lilimuting bangkay. Kupas na ang ngalan at mukhang

Nakaimprenta sa kanilang ipinamigay na kamiseta. Sila itong
Kanilang inaasahan. Dumarating sila sa panaginip, sa gitna

Ng kawalang dalangin, sa pagliyab ng mga lalamunang
Humihiyaw ng *Umulan ka, Umulan ka na*! May mga iglap

Na sagpang ang lungsod ng pangil ng nanlilisik na kidlat. Kay daling
Takutin ang mga hindi nakakabatid. May nagbabalabal ng lumang

Tarpaulin. Punit na ang ngiti ni Congresswoman. Papaano
Patatahanin ng pananaginip ang kalam at lamig? Sa gitna

Ng pag-idlip dumudungaw ang tindig ng pangangako. Hinahawi
Ang panginginig ng dumadagundong na sirenang paparating.

Narito na sila. Mula sa pagkakalukob ng ulan at dilim sumisiklab
Ang nagniningas na mga pares ng hedlayt, hila-hila ang bangis

Ng kanilang pagdaan. Sa guniguni ng mga kinalimutan ang sikmura
Nagmamadaling prusisyon ito ng mga busog na buwaya.

***Ayon sa Bumisita sa Crocodile Farm***

Nag-uunat ang sigalot ng takot at lungkot sa dibdib habang napagmamasdan
Itong buwayang inaamo ng limitadong lalim ng huwad na lawa, sementadong
Gubat at nakatanim na lilim. Putol na sa paningin ng mga nakatanghod

Ang mabalasik niyang pagkakakilanlan. Hindi na ito ang dragon sa ating panaginip.
Kinakalawang na ang maringal nitong kaliskis, kinapon ang lagim na dala
Ng nagliliyab niyang mata't pumupurol ang bangis ng kanyang mga pangil.

Nasaan na ang halimaw na supling ng lupa't tubig? Dito lumalaki sila upang katayin.
Upang anihin ang kanilang balat at itanghal ang eksotikong lasa ng laman.
Kaya kahit ang ungol nito'y kinamamanghaan at pinagtatawanan. Tunaw na

Ang bagsik sa kanyang puso. Kung saan naglagalag ang ilahas niyang tapang.
Hindi na ito ang nilalang na kinakatukan sa lawa na nababasa sa nobela,
Ang sukatan ng kabayanihan. Nakasanayan na niya ang pag-aalaga. Lumalambot

Ang kanyang panga habang pinapangal ang inihagis na karne. May mapapapalakpak
Sa kanyang palabas. Nalilito nila ang sarili na ang kalupitan ay kamangha-mangha.

***Ayon sa Namimingaw***

May pag-ibig na nahihimbing na sa aking dibdib. Sa panahong ito,
Nakakahawa ang kadiliman ng kaluluwa. Gabi-gabi, binabalita
Ang tagumpay sa pagkakasila sa dambuhalang buwaya, ang galak
Sa mga taong sinasalakay ng kanyang lagim. Walang pagsisisi siyang
Sumuko sa kanilang kamay. Madalas, napapahinto ako sa katahimikan.
Nais kong muling hagkan ang iyong katawan para maibsan ang galit
Sa napapanood. Tayo ang gumambala kaya tayo dapat ang lumayo.
Ngunit hinahayaan kong makiisa, ang magpalukob sa kalupitan.
Minsan, naniwala akong maari tayong mabuhay sa pag-ibig katulad
Ng awit at panahon na tuloy-tuloy lang sa kanilang paghinga.
Na maari tayong tumanda sa iisang lunan hindi katulad ng tao't buwaya.
Ngunit hindi tayo nalalayo sa kanila. Habang lalo tayong napapalapit
Mas lalo nadadama natin ang panganib. Sakmal tayo minsan
Ng mga walang kadahilanang galit. Ganito ang umiibig, tumatawid
Sa tubig na pugad ng pangil at angil. Kinakailangan kong magsabi
Ng katotohanan: hinahanap ko pa rin kung papaano nagliliwanag
Ang iyong mata dahil sa pagnanasa, ang mga lagas mong buhok sa lababo,
At sa maiiksing tula sa salamin. Madalas ang isang hapon ay nagiging taon.
Itinanghal nang pinakamalaki ang nahuling reptilya ngunit walang

Makakapagsabi sa dinadanas kong mingaw. Kay hirap ang lumimot.

Lumalaki ito katulad ng isang buwaya, dinadakma ang mga bangkay

Ng masasayang sandali. Gusto kong isipin na darating kaagad ang ginhawa,

Na ang pagkawalay ay pagtatakda ng mga bagay na hindi naganap.

Hinihintay na nilang kumain ang nahuli. Wala itong idinuwal na buto ng tao.

Ang sabi-sabi, may naiwan pa itong kapares na higit na mas malaki.

Iniisip ko na katulad ko namumuhay ito sa ilalim ng latian, umaahon

Sa pagsalubong sa hindi kilalang anino, umaasa na iyon ang kanyang asawa.

***Ayon sa Alamat***

Umusbong ang mundo sa nilulumot na likod ng buwaya.
Mula sa pahina ng binabasa, napatingin ako sa buwaya

Na nasa larawan. Namumukadkad ang sinaunang buhay
Sa kanyang kaliskis. May kung anong ngiti sa buwaya.

Hindi ito ang mapanlinlang na ngisi na nilarawan ni Carroll,
Tumatalon ang mga isda sa bukas na panga ng buwaya

Na tila karugtong ito ng ilog at matatalim na bato lamang
Ang mga ngipin. Eternal na daigdig ang tiyan ng buwaya.

Sa kasunod na salaysay, naligalig ang daigdig sa kanyang ungol.
Nabulabog ang mga ibon at iniwan ang mundong likha ng buwaya.

Nagsimula nang mamatay ang mga nilalang. Naging ilang
At mabatong himlayan ang kahabaan ng gulugod ng buwaya.

Mismo siya napupuwing ng sarili niyang buhangin. Mahiwaga
Ang lungkot ng mapag-isa. Pinupuno nito kahit ang puso ng buwaya.

Nilalamukos ang kaibuturan hanggang lagasin ang mga ngipin.

At tayo, ayon sa alamat, ay nagmula sa panga’t pighati ng buwaya.

***Ayon sa Alamat***

Pumapagaspas ang liyab na namamagitan sa amin. Sinasalaysay niya
Ang alamat ng hanay ng mga bato sa dalisdis ng bundok, sa tabi ng ilog.
Diumano, mga buwaya itong kinalabit ng kidlat. Nilikha ng mga bathala
Ang mga buwaya mula sa kanilang dugo upang parusahan ang mga tao,

Ngunit nang magsisisi ay agad naman nilang nilipol ang nilikha. Ganito
Ang mga Diyos tila mga magulang na lumilikha ng kung anong halimaw
Upang tuwirin ang ating asal at pagkaraan papaslangin ng ating paglaki.
Marami pa siyang gustong isalaysay tungkol sa kanilang bayan ngunit

Kailangan na niyang magpahinga. Kasingaspang na ng kanyang balat
Ang mga nakakalat na balat ng mani. Ang sabi ng kanyang kasama,
Wala nang nakikinig sa kanyang mga kuwento. Ni walang magmamana
Sa kanyang mga salita. Lilimutin siya katulad ng paglimot sa mga bato.

Bago pa siya dinala sa kanyang silid, pahabol niyang sinabi: “Muli silang
Mapupukaw. Magbabakbak ang sumpa at muli, gagapang sila papasok
Sa ating kabahayan. Sasagpangin ang anino ng ating paglimot. Kakaladkarin
Saka ihahandog sa paanan ng mga nakaligtaan nating pananalig.”

***Ayon sa Buwaya***

Nabubuhay kami sa inyong maling paghuhusga.  Diablo ng ilog.
Nilalang na kakambal ng lagim at panganib. Mababangis na pangang
Sumisila ng matatamis na panaginip. Damitan ninyo ako ng barong
At tatawagin ninyo akong politiko. Ngunit hindi ninyo nababatid,

Supling din kami ng alamat at agham. Umuusbong sa imahenasyon
Ng sinaunang sibilisasyon bilang mga Panginoon. Naglulunoy sa tabi
Ng sanggol ang mumunti naming imahen. Hindi lamang basta laruan,
Nagmamatyag ito sa mga sutil na espiritung kakalabit sa paslit.

Sa isang templo, namumuhay kaming tila Diyos. Nag-ugat sa aming dugo
Ang hanay ng mga hari. Nilulunok at niluluwa namin ang buwan.
Hinahatid namin sa kabilang pampang ng mundo ang mga nagugutom.
Sa aming bunganga, mabubuhay sila sa mga nahuling isda't kumapit

Na mga talaba sa pangil. Sa dulo ng paglalakbay, iaahon namin sila
Sa suso ni Mebuyan. Eternal silang magpapakabusog sa handog na gatas.
Muli kaming babalik sa tubig nang makahanap ng mga gayat ang tiyan.
Huwag paniwalaan ang lumang libereto ng mga dasal. Kung makalimot

Na umusal ng *Ama Namin*, hindi kami sasalakay sa inyong bangka.
Walang ibang sinisisi sa kinaharap na kamalasan ang mga pari kundi
Ang mga nilalang na katulad naming may kaliskis. May krokis din sa paa
Ang mga ibon. Maliban sa balahibo't pakpak, wala kaming ipinagkaiba.

Ang totoo, iisa lang ang aming ninuno. Sa bawat sulok ng mundo,
Nahuhukay ang mga dambuhala naming buto. Maging ang lawak
Ng kaparangan aming pinagharian. Sa pisngi ng bangin nakaukit
Ang pamamahala. Ngunit habang lumiit nang lumiit ang daigdig

Para sa atin, hinayaan namin ang kalupaan at piniling matutong
Mabuhay sa tubig. Hindi sumasapat ito para sa inyo, kaya sinalakay
Maging ang pusod ng aming tahanan at kinalabusaw ng kasakiman.
Lumalaban lamang kami. Hanggang sa ikawing-kawing ninyo kami

Sa madugong tanikala ng talinghaga ang aming pagkakakilanlan.
Primera klase ang aming balat pero marunong din kaming masaktan.